# ARALIN 3

## Ang Likas na Kagandahan ng Panitikan ng Pilipinas

### Magsimula Tayo

Panoorin ang dokumentaryong *Huling Prinsesa* ni Kara David. Ibigay ang tugon sa sumusunod na mga tanong gamit ang isa hanggang tatlong pangungusap.

1. Ano ang binukot? Ilarawan kung ano ang pagturing ng mga tao sa isang binukot.
2. Ano-ano ang tungkulin ng isang binukot sa kanyang pamayanan?
3. Gaano kahalaga ang mga tungkuling ginagampanan ng isang binukot?
4. Ano ang tinukoy na mga dahilan kung bakit unti-unting nawawala ang tradisyon ng pagbubukot?
5. Batay sa dokumentaryo, paano napapanatili ang tradisyong ito sa kasalukuyang panahon?



**Magsuri Tayo!**



**Ano ang masasabi ninyo tungkol sa sumusunod na mga paksa?**

1. Ang babae sa pananaw ng katutubong lipunang Pilipino
2. Ang yaman ng kulturang Pilipino
3. Mga epekto ng pagbabago

## ☝Maghanda Tayo


May tatlong pangkat ng mga Pilipino na tinutukoy sa mga salaysaying bayan na inyong babasahin. Mula sa talaan sa ibaba, piliin ang mga salita na kaugnay ng bawat pangkat.

| SAMAL | IFUGAO | TAGALOG | BISAYA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| karagatan | hagdang-hagdang palayan | Muslim | Banaue |
| Cebu | kapatagan | Mindanao | Bulacan |
| Gitnang Luzon | Visayas | kabundukan | Panay |

Puntos: ___ / 12

## 🕮 Magbasa Tayo!




### Noong Unang Panahon

*muling isinasalaysay ni Rafaelita S. Valera para sa Aklat Adarna*

### I. Ang Paglikha ni Tuhan sa Daigdig

1 Sa dulong timog ng Pilipinas, may mga kababayan tayo na Samal kung tawagin. Naniniwala ang mga Samal na noong unang panahon, ang daigdig ay isang malawak na dagat. Walang anumang bagay na makikita rito kundi isang malaking bola. Sa loob ng bola nakatira ang bathalang si Tuhan. Sa loob din ng bola nakatago ang lahat ng bagay na makikita sa langit at lupa.

2 Isang araw, biniyak ni Tuhan ang bola. Nahati ang bola sa dalawa. Tumaas ang isang bahagi at naging langit. Ang bahaging naiwan sa dagat ay naging lupa. Sumama si Tuhan sa bahaging naging langit. Nang tanawin ni Tuhan ang lupa, naisip niya na dapat magkaroon ng magbabantay roon. Ikinalat niya ang kanyang liwanag at lumikha ng tao, si Nur Muhammad.

3 Sapagkat siya lamang ang nasa lupa, inakala ni Nur Muhammad na siya ang Bathala.

4 "Ako ang Bathala," sabi niya.

5 "Nagkakamali ka, Nur Muhammad!" sigaw ni Tuhan.

6 Nagulat si Nur at hinanap ang pinagmulan ng tinig.

7 "Ako ang lumikha sa iyo," sabi ni Tuhan.

8 Hindi makapaniwala si Nur kaya hinamon niya si Tuhan. Sa galit, pinukol ni Tuhan ng kidlat si Nur Muhammad.

9 Mula sa natunaw na katawan ni Nur Muhammad lumabas ang buwan, araw at mga bituin. Nagkaroon ng hangin at ulap sa paligid. Pagkaraan, nagliparan ang mga ibon at kulisap. Nagtalunan ang mga isda sa dagat. Nagtakbuhan ang iba't ibang hayop sa lupa. Tumubo ang iba't ibang bulaklak at halaman. Ang daigdig ay naging isang makulay na hardin. Ganito nilikha ng bathalang si Tuhan ang daigdig ayon sa mga Samal.



## II. Ang Paglikha ni Kabunian sa mga Tao

1 Sa hilaga ng Filipinas may mga kababayan tayo na Ifugaw kung tawagin. May kuwento naman sila kung paano nilikha ni Kabunian ang mga unang tao.

2 Si Kabunian ang bathala ng mga Ifugaw. Malungkot si Kabunian sapagkat walang mga tao sa mundo. Isang araw, nagpunta siya sa Bundok ng Pulog upang lumikha ng tao.

3 "Lilikha ako ng tao para mangalaga sa kagandahan ng paligid," sabi ni Kabunian.

4 "Gagawa ako ng tatlong klase ng tao na iba't iba ang kulay ng balat," sabi ni Kabunian.

5 Naupo siya sa isang malaking bato at dumakot ng malambot na putik. Hinubog niya ang putik upang gawing tao. Inabot siya ng gabi sa paggawa ng unang nilalang. Dahil gabi na, ang dilim ay dumikit sa balat ng taong ginawa ni Kabunian at umitim ito.

6 "Gabi na pala," sabi ni Kabunian. "Bukas na lang ako gagawa ng dalawa pa."

[7] Kinabukasan, madilim pa ay gising na si Kabunian upang gumawa ng panibagong tao. Natapos ni Kabunian ang ginagawang tao habang sumisikat ang araw sa silangan. Ang maputlang silahis ng araw ay tumama sa ginawa niyang tao at pumuti ito.

[8] “Dalawa na ang nagawa ko,” sabi ni Kabunian.

[9] Kumuha uli ng putik si Kabunian at gumawa ng panibagong tao. Mataas na ang araw nang matapos siya. Ibinilad niya ang ginawang tao at hinayaang matuyo. Nakatulog sa pagod si Kabunian. Naiwang nakabilad sa araw ang ikatlong taong ginawa niya. Nang magising si Kabunian, ang pinatuyong putik ay naging isang taong kayumanggi.

[10] “Sa wakas, nakalikha ako ng tatlong tao na iba’t iba ang kulay ng balat,” sabi ni Kabunian.

[11] Ang mga taong nilikha ni Kabunian ang naging ninuno ng iba’t ibang tao sa daigdig. Ang una ang pinagmulan ng mga itim. Ang ikalawa naman ang pinagmulan ng mga puti. Ang huli ang pinagmulan ng mga kayumanggi.

## III. Si Malakas at si Maganda



[1] May isa namang kuwento tungkol sa unang lalaki at unang babae ang mga Bisaya at Tagalog. Ayon sa alamat, isang magandang paraiso ang ating daigdig noong araw. Maraming hayop at halaman sa paligid ngunit wala kahit isang tao. Minsan, nagutom ang hari ng mga ibon. Nakakita siya ng gumagapang na butiki sa isang malaking kawayan. Nilapitan niya ang butiki para tukain.

[2] Nakarinig ng mga katok ang ibon mula sa loob ng kawayan.

[3] “Tok! Tok! Tok!”

[4] Ngunit hindi pinansin ng mga ibon ang mga katok at hinabol niya ang butiki. Nakailag ang butiki sa tuka ng ibon. Sa halip, ang kawayan ang tinamaan. Nang tukain uli ng ibon, nakailag na naman ang butiki pero biglang nahati ang kawayan.

[5] Nagulat ang ibon nang magsalita ang lalaki.

[6] “Ako si Malakas,” sabi ng lalaki.

7 Nagulat din ang ibon nang magsalita ang babae.

8 “Ako si Maganda,” sabi ng babae.

9 Nagpasalamat ang dalawa sa hari ng mga ibon dahil sa pagkakahati ng kawayan. Inanyayahan ng dalawa ang ibon na tumira sa kinalalagyan nila, ngunit tumanggi ang ibon. Sa halip, sina Malakas at Maganda ang inanyayahan ng ibon na mamasyal sa iba pang bahagi ng paraiso.

10 Sumakay ang dalawa sa likod ng ibon at nilakbay nila ang buong paraiso. Habang nasa itaas, napansin ng dalawa ang tila perlas na mga pulo.

11 “Doon naming gustong manirahan,” sabi nina Malakas at Maganda. Ang itinuro nila ay ang mga pulo ng Filipinas.

12 Mula noon sina Malakas at Maganda ay nanirahan sa kapuluang ito.

## Magtalakayan Tayo

Tukuyin ang mga pagkakatulad o pagkakaiba ng mga kuwentong nabasa. Sa inyong kuwaderno, bumuo ng talaan katulad ng nasa ibaba at isulat ang kinakailangang mga detalye.

| **Elemento** | **Paglikha ni Tuhan** | **Paglikha ni Kabunian** | **Malakas at Maganda** |
|---|---|---|---|
| **Tauhan** | | | |
| **Lugar at Panahon** | | | |
| **Mga Pangyayari** | | | |

Puntos: ___ / 12

Ang modyul na ito ay para sa eksklusibong gamit ng mga mag-aaral ng Mataas na Paaralan ng Kolehiyo ng Miriam.

## Magpalawak Tayo

Malawak ang saklaw ng unang bahagi ng kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. Inilalarawan ang unang bahagi na ito bilang panahon ng paglaganap ng **panitikang pasalita o panitikang oral**. Batay sa pagpapakahulugan sa tawag dito, ang mga panitikang lumaganap sa panahong ito ay naipapasa sa pamamagitan ng pasalitang tradisyon.

Ang mito, alamat, kuwentong-bayan, at epiko, ay ilan sa mga halimbawa nito. Ang mga ito ay itinuturing na salaysaying-bayan.

Ang mito ay kaugnay sa pagkakalikha o kaayusan ng daigdig. Itinuturing ito bilang mga sagradong naratibo. Samantala, sa mga alamat naman tinatalakay ang pinagmulan ng mga bagay sa ating paligid, kaiba sa mga mito, itinuturing na sekular ang mga kuwentong ito.

Kung ang mga mito at alamat ay ipinapalagay na totoo noon, itinuturing naman ng ating mga ninuno na piksiyunal ang mga kuwentong-bayan.

Ang mga epiko naman ay mahahabang tulang nagsasalaysay ng pakikpagsapalaran o mga ginawa ng isa o higit pang mga kinikilalang bayani.

Bukod sa mga nabanggit na naratibo, ang ating mga ninuno ay may katutubong panulaan din.

Narito ang ilang halimbawa ng Tanaga (Tagalog) at Ambahan (Mangyan):

**Tanaga**

1.) Ang tubig ma'y malalim
malilirip kung libdin
itong budhing magaling
maliwanag paghanapin

2.) Ang sugat kung tinanggap,
di daramdamin ang antak
nag aayaw, at di mayag
galos lamang magnanaknak.

**Ambahan**

Orihinal na bersiyon (Minangyan)

Si aypod bay opadan
no kang tinaginduman
may ulang madi kagnan
maytakip made kaywan
no kang tinaginduman
ga siyon de sa adngan
gapagtangdayondiman

Salin

Si kaibigan,
kapag naiisip kita
kahit may tinatawirang tubig
kahit may nakaharang na kahoy
kapag naiisip kita
parang nand'yan lamang sa malapit
parang tinatandayan ko lang

Bagamat ipinapalagay ang panitikang pasalita bilang panitikang lumaganap noong panahon bago dumating mga Kastila, hindi nangangahulugang hindi na ito nagpapatuloy sa kasalukuyang panahon. Paano kaya natin nakikita sa kasalukuyang panahon ang sumusunod na mga halimbawa  ng panitkang pasalita?

1. **Bulong.** Ito ay pahayag upang makaiwas na makatapak o makasakit sa mga di-nakikitang espiritu o mga naiibang nilalang.

   Halimbawa: Tabi-tabi po apo, baka kayo ay mabunggo.
   Bari-bari apo, makikiraan po apo.

2. **Panudyo.** Ito ay pagbibiro na nasa anyong patula.

   Halimbawa: Bata, batuta, nagsuot sa lungga, hinabol ng daga.

   Pedro Penduko, matakaw sa tuyo,
   Nang ayaw maligo, kinuskos ng gugo.

3. **Salawikain.** Ito ay matalinghagang pahayag na nagbibigay ng aral tungkol sa kagandahang asal.

   Halimbawa: Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo?
   Ang lumalakad nang mariin, 'pag natinik ay malalim.

4. **Sawikain.** Ito ay maikling matalinghagang pahayag na naglalarawan sa katangian, kilos, o gawi ng isang tao. Katulad ito ng mga idyoma sa ibang wika. Hindi ito nagbibigay ng aral.

   Halimbawa: parang aso't pusa (laging nag-aaway)
   makati ang dila (tsismosa)

5. **Kasabihan.** Ito ay pahayag na nagbibigay ng aral tungkol sa kilos at ugali ng tao, subalit hindi gumagamit ng talinghaga.

   Halimbawa: Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
   Ang maniwala sa sabi-sabi, walang bait sa sarili.

6. **Bugtong.** Ito ay maikling patulang palaisipan. Ito ay maaaring binubuo ng isa o dalawang taludtod at kadalasang may sukat at tugma.

   Halimbawa:

   Ajar tangapakking nga niuk
   Awayya ipagalliuk. (Aeta)

   Kapag hiniwa mo,
   Naghihilom nang walang pilat
   *tubig*

Tinigbas kung sanggiring
Ega maglaya-laya.
(Tagbanwa)

Ako'y isang punong sanggiring,
Hindi namamatay kahit putulin.

*buhok*

Isang tabo, laman ay pako. (Tagalog)
*langka*

7. **Awiting Bayan.** Ito ay mga awiting nagpapahayag ng mga karaniwang karanasan at saloobin ng mga sinaunang pamayanan.

Halimbawa:

**Atin Cu Pung Singsing (Kapampangan)**

Atin cu pung singsing, metung yang timpukan
A mana que iti cang indung ibatan
Sangcang queng sinunup quing metung a caban
Mewala ya iti e cu camalayan
Quing sukal ning lub cu susucdul quing banwa
Picuruz cung gamat babo ning lamesa
Ninu mang menakit quing singsing cung mana
Calulung pusu cu manginu ya que ya.

**Magtanim Ay Di Biro (Tagalog)**

Magtanim ay di biro, maghapong nakayuko.
Di man lang makaupo, di man lang makatayo.
Halina, halina, mga kaliyag, tayo'y magsipag-unat-unat
Magpanibago tayo ng lakas para sa araw ng bukas.

**Magsuri Tayo!**



1. May alam ba kayong iba pang halimbawa ng mga natalakay sa itaas? Magsaliksik at ibahagi ito sa klase.
2. Ano ang ugnay ng mga natalakay na halimbawang panitikan sa pang-araw-araw na karanasan ng ating mga ninuno? Ano ang naging silbi ng panitikan para sa sinaunang pamayanan?
3. Ano ang halaga ng pag-aaral ng mga halimbawang akdang ito sa kasalukuyang panahon?